

**Alituntunin para sa mga Ahensya
sa Pagre-Remit ng Loan Payments
ng Members sa GSIS
Frequently Asked Questions (FAQs)**

1. Ano ang karagdagang alituntunin ng GSIS simula May 2022 para sa mga ahensya ng gobyerno kaugnay ng pagre-remit nito ng loan payments ng member-borrowers sa GSIS?

Para maproseso ang loan payments (mula sa payroll deduction) ng members at masiguro ang remittance nito sa takdang petsa, kailangan na at least 90% ng bilang ng GSIS members at billed amount para sa bawat loan account na nasa billing ang dapat i-remit ng ahensya sa GSIS simula May 2022.

Pina-paalala ng GSIS sa mga ahensya ng gobyerno, lalo na sa electronic remittance file (ERF) handlers nito, na siguraduhing ang billing ng GSIS at remittance ng ahensya ay magtutugma nang hindi bababa sa 90% bago pa man ito ma-upload sa GSIS Electronic Billing and Collection System.

Sa ilalim ng karagdagang alituntunin ng GSIS, iva-validate ng GSIS Electronic Billing and Collection System (EBCS) kung ang bilang ng miyembro sa remittance file ay aabot nang hindi bababa sa 90% sa bilang ng mga miyembro na nasa billing file para sa partikular na buwan.

Kapag halimbawa may sampung members na kasama sa GSIS billing, dapat ay mayroong at least siyam na members din na kasama sa remittance file ng ahensya. Kapag natugunan ang requirement na ito, ia-apply naman ang matching process.

Ang matching ay ang proseso kung saan titingnan ng EBCS kung tugma ang billed amount versus payment amount sa bawat loan account. Ang loan payment amount na nakalagay sa remittance file ay dapat hindi bababa sa 90% ng halaga na nakalagay sa GSIS billing.

Hindi tatanggapin ang remittance ng ahensya at hindi tutuloy ang uploading sa EBCS kapag hindi ito natugunan ang minimum requirement sa validation at matching stage.

Hindi kasali sa matching rule ang sumusunod na loan accounts:

- a. Housing Loans;
- b. Policy Loans;
- c. GSIS Educational Loan (GEL) na babayaran lamang pagkatapos ng study period ng student-beneficiary; at
- d. Due and demandable (DND) loan accounts na lagpas na sa payment term.

2. Bakit ito pinapatupad ng GSIS?

Ito ay para mapangalagaan ng GSIS ang pondo nito nang sa gayon ay maibigay ang mga karampatang benepisyo ng members. Responsibilidad ng GSIS na magbayad ng benepisyo, as and when they fall due, at magagawa lamang ito kapag tama ang loan and premium collection nito.

Ang loan programs ng GSIS ay isa sa income-generating measures nito. Dahil dito, nais din ng GSIS na mapabuti at palaguin ang pangongolekta sa loan payments mula sa member-borrowers nito. Ang kita rito ay magagamit sa iba pang programa para sa members.

3. Paano maaapektuhan ng karagdagang alituntunin na ito ang member-borrowers, agency authorized officers (AAOs), ERF handlers, at kanilang ahensya?

Kailangang sundin ang mga alituntunin na ito para maiwasan ang:

- a. pagmumulta sa loan accounts ng members na kulang o hindi binayaran ang kanilang loan amortizations;
- b. ma-delay ang remittance para sa members na may tamang loan payments at pagmumulta sa kanilang loan accounts dahil dito; at
- c. pagmumulta sa ahensya dahil delayed ang loan payment remittance.

Kapag ang loan account ay naging in-default o hindi nabayaran ng higit sa anim na buwan, ang outstanding loan balance ay magiging due and demandable o kailangan ng bayaran.

Dapat na i-remit ang tamang loan amortizations sa takdang petsa upang maiwasan ang penalties sa members at ahensya. Mahaharap rin sa administrative charges at discipline ang AAOs at ERF handlers.

4. Ano ang pwedeng gawin ng members upang masiguro na tama ang loan payment na remitted sa GSIS at mai-remit ito sa takdang petsa?

Maaaring makapag-ugnayan ang members sa kanilang AAOs at ERF handlers upang masiguro na tama ang loan payments na remitted sa GSIS.

Pwede ring i-check ng members ang kanilang loan payment record sa Electronic GSIS Member Online o (eGSISMO; <http://egsismo.gsis.gov.ph/>), GSIS Touch mobile app, at GSIS Wireless Automated Processing Kiosk (GWAPS) nasa GSIS branch at extension offices, provincial capitols, city halls, selected municipal offices; at malalaking ahensya tulad ng Department of Education, Robinsons Malls; at selected SM City branches in North EDSA, Manila, Pampanga, SM Aura in Taguig, SM Southmall in Las Piñas, at Mall of Asia sa Pasay.

5. Saan makukuha ang billing files?

Ang billing files ay maaaring i-download sa pamamagitan ng GSIS Electronic Billing and Collection System o EBCS.

Ang EBCS ay isang web-based application kung saan ang remitting agencies ay maaaring mag-download ng kanilang electronic billing files at mag-upload ng kanilang electronic remittance files.

6. Paano maiwasan ang mismatch?

Kailangang sundin ng ERF handler ang details sa EBF na na-download mula sa EBCS.

Siguraduhin din na tama at kumpleto ang mga impormasyon na nasa prescribed ERF format at base sa EBF.